Ako ang Kuya

Ako si Caloy, at siya naman ang kapatid kong si Ramon. Sa aming dalawa, si Ramon ang mas matanda. Sa edad ay lamang siya sa akin ng tatlong taon. Siya ay disi-otso, ako naman ay labing-lima. Sa tangkad ay lamang siya sa akin ng anim na pulgada. Kahit tumayo ako nang diretsong-diretso ay hanggang balikat lang niya ang tuktok ng aking ulo. Sa bigat ay lamang siya sa akin ng humigit-kumulang sampung kilo. Malaman si Ramon at malaki ang pangangatawan, at medyo patpatin naman ako.

Pero sa aming dalawa, ako ang tumatayo na Kuya.

Ang sabi ni Mama, kinapos raw kasi ng hangin si Ramon noong siya ay ipinapanganak. Lumabas naman siya na dalawa ang kamay, dalawa ang paa, kumpleto ang mga daliri, at dalawa ang mata— kung ihahambing sa ibang sanggol ay walang pinagkaiba. Pero habang si Ramon ay palaki nang palaki nang palaki…ang kaniyang isip ay nanatili sa pagkabata. Disi-otso man siya ngayon at mukha nang mamâ, para siyang apat na taong gulang sa isip at sa gawa. Kahit ako ang mas bata, malaki ang lamang ng aking isip sa isip ni Ramon. Wala daw kaming magagawa, pero sa aming dalawa, ako ang mas marunong. Kaya imbes na si Ramon ang nagbabantay sa akin, ako ang nakabantay sa kaniya.

Para siyang higanteng naligaw sa bayan ng mga langgam. Ano man ang kanyang hawakan, saan man siya humakbang, nariyan lagi ang panganib na ang gamit na nakaharang sa kanyang dinaraanan ay matatabig, matutumba, matatapakan, o madadampot sa pinaglalagyan bago masusing pag-aaralan at panggigigilan hanggang mayukos, mabali, o madurog sa mga

kamay na ang lakas ay hindi niya lubos na nauunawaan.  At kapag nagbuka ng bibig ang higante, ang kaniyang boses ay parang kulog— dumadagundong, nakakarindi, dinig hanggang sa pinakamalayong bundok.

Hindi nakapagtataka na kahit saan kami pumunta, may mga taong napapalingon, natatawa, naiistorbo, nagtataka.  Hindi ko gustong aminin, pero minsan, ako ay napapahiya. Mabuti na lang at walang kamalay-malay si Ramon na naiilang ang ibang tao sa kanya, pero ako naman ang malas na nakakabasa ng bawat matalim at mapag-usisang tingin, ako ang nakakarinig ng kanilang bulung-bulungan, pigil na halakhak, at malutong na pagpalatak.

Parang nahuhulaan ko ang nasa isip nila. “Ang ingay, ha.” “Pagsabihan niyo naman iyan.” “Ay, sintu-sinto pala.  Bakit isinasama pa nila?”  Kahit hindi sila magsalita, nababasa ko ito sa kanilang mga mukha.  Sina Papa at Mama, sanay nang makatawag ng pansin at mapukulan ng kakaibang tingin.  Pero ako, hindi pa.  Madalas, gusto kong maglaho na parang bula.

Tuwing linggo, pagkatapos magsimba, ugali naming mag-anak ang kumain sa labas. Kapag pumipili kami ng kakainan, kailangan may bakanteng mesa na malayo sa iba, upang di mabulabog ang pagkain ng ibang suki ng kapatid kong isip-bata.

Isang araw, nakasabay namin ang isang babaeng may edad na kung anong talas ng pandinig ay ganoon din kaikli ang pasensiya.  Ito namang si Ramon, nagkataong dinapuan ng kakaibang sigla.  Daig pa niya ang kiti-kiti,  walang-tigil at di mapakali, kaya bago makalampas ang dalawampung minuto, may nalaglag nang kutsara, may natabig nang baso, at tuloy-tuloy ang kaniyang pagkalantog ng kubiyertos sa ibabaw ng plato.  “Tama na, Ramon,” maya’t-maya kong

bulong, lalo na't ang ale ay panay ang palatak at panay ang lingon. Sandaling tatahimik si Ramon, pero pagkalipas ng ilang saglit ay mag-uumpisa na naman na ibayo ang kulit.

Hindi nagtagal, napuno na rin ang babaeng nabulabog ang tanghalian. Tumayo siya sa kanyang upuan at magkasalubong ang kilay na kami ay nilapitan. "Mawalang galang na, pero ang ingay ninyo," bulyaw niya nang nanlilisik ang mata. "Hindi lang kayo ang kumakain dito, kaya hinaan niyo naman, kung puwede lang."

Nagulat si Ramon at naghihiyaw sa takot. Natigilan ang ale at nanlaki ang mata. Walang imik na tumayo si Papa at iginiyang palabas ang kapatid kong nagwawala. Si Mama naman ay mahinanong nagpaliwanag at humingi ng paumanhin. Para wala nang gulo, nagpasiya siyang ipabalot na lang ang aming natirang ulam at kanin. At ako? Wala akong magawa kundi tumitig sa aking mga paa at magdasal na lamunin ako ng lupa.

Nang magtagpo kaming muli, masaya na ulit ang aking kapatid. Pakanta-kanta si Ramon at pangiti-ngiti, parang walang nangyari. Nagtinginan sina Mama at Papa. Nagkibit-balikat, napabuntong-hininga. "Tara na," ang yaya nila sa aming dalawa. Hawak-hawak ang kamay ni Ramon, sinundan ko ang aking mga magulang. Nalimutan na nila ang nangyari sa kainan. Pero ako, hindi pa. Sa ayaw ko man at sa gusto, mauulit at mauulit ang ganitong pagkakataon. Kapalaran ko yata na pagtinginan ang aking pamilya, ang mamilipit sa hiya. Oo, anak nila ang binatang sintu-sinto. Oo, kapatid ko siya.

“Caloy, ang kapatid mo, nasaan na?” bigla kong narinig ang tinig ni Mama.  Buong-akala ko’y magkahawak-kamay pa kaming dalawa.  Iyon pala, habang lumilipad ang aking isipan, bumitaw si Ramon nang di ko namamalayan.

“Diyan lang po kayo,” agad kong bilin kina Mama at Papa.  “Huwag kayong mag-alala, hahanapin ko siya.” Iyon lang at tumakbo na ako’t binalikan ang aming pinanggalingan, tarantang iginala ang paningin kung saan-saan, dinungaw ang loob at labas ng lahat ng mga tindahan.  Silip dito, silip diyan.  Naku naman, Ramon, saan ka ba nagpunta?  Parang sasabog ang aking puso sa tindi ng kaba.  Bakit nga ba sinasama ka pa?  Malingap ka lang nang ilang saglit, biglang mawawala.  Malikot, maingay,  malaking abala.

Natagpuan ko siya sa pagupitan ng aso’t pusa.  Nakaupo sa mataas na bangko, may kinakaing biskuwit at may hawak na baso.  Humahalakhak na pinapanood ang paggupit ng barbero sa asong dambuhala.  At mula sa likuran ng kaha, magiliw na nakatunghay ang isang matanda.

“Ramon!” ang tawag ko, at agad siyang lumingon at sumigaw ng “Kuya!” Nagmadali siyang bumaba sa inuupuang silya, sinalubong ako at ikinulong sa yakap.  “Kuya, kuya,” ang masayang bati niya.

“Ayan ka na pala,” pukol ng matanda.  “Ang sabi niya sa akin, huwag akong mag-alala. Hahanapin daw siya ni Kuya.”  Ngumiti siya sa amin nang walang pag-uusisa, walang pangungutya.  Ang naroon lang ay kagandahang-loob at pag-unawa.

Bumalik si Ramon sa matanda at maingat na inilapag sa kaniyang harapan ang basong walang laman.  “S’lamat po,” ang wika ni Ramon, at sumagot ang matanda ng “Walang anuman.

Bumisita ka uli, ha?" dagdag pa niyang anyaya. Tumango si Ramon at ngumiti nang abot-tainga. Pagkatapos niya kamayan ang barbero at haplusin ang bagong-gupit na aso, kami ay nagpaalam.

Magaan na uli ang aking pakiramdam paglabas namin ng tindahan. Hindi pala sa lahat ng pagkakataon malupit ang mundo sa mga katulad ni Ramon. May matatagpuan rin palang kagandahang-loob kung kailan ito hindi inaasahan, at kung saan walang dahilan para mahiya o naisin ang ibang kapalaran.

Ako si Caloy, at siya ang kapatid kong si Ramon. Sa aming dalawa, siya ang mas matanda, pero ako ang nag-iintindi sa kanya. Kadalasan, mahirap siyang kasama. Malingap ka lang nang ilang saglit, biglang mawawala. Malikot, maingay, malaking abala. Pero madali siyang patawanin, maganang kumain, at mahal niya ako nang buong tiwala. Sa aming dalawa, ako ang mas bata, pero ang turing niya sa akin ay Kuya. ***